

KAGAWARAN NG MGA KARAPATANG PANTAO NG IOWA
DIBISYON NG MGA AHENSIYA SA AKSYONG PANGKOMUNIDAD
PROGRAMANG TULONG SA ENERHIYA NG MALIIT ANG KITA
PAMAMARAAN SA APELA AT PAGDINIG

Ang isang aplikante ay maaaring magsimula ng isang apela kung ang aplikasyon ay tinanggihan, o hindi tamang mga bagay o hindi wastong mga pamamaraan ang ginamit upang pagpasiyahan ang pagiging karapat-dapat, mga halaga ng tulong, o mga serbisyo. Ang aplikante ay may 30 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng liham ng pag-aproba o pagtanggihan upang iapela ang desisyong iyon sa pamamagitan ng pagpapakoreo o paghahatid ng kahilingan para sa apela sa lokal na nangangasiwang ahensiya (local administering agency, LAA) kung saan ginawa ang aplikasyon.

Kung hindi inaprobahan o tinanggihan ng LAA ang aplikasyon sa loob ng 30 araw ng kalendaryo pagkatanggap ng isang kumpletong aplikasyon, maaaring ituring ng aplikante ang kabiguang umakto bilang isang pagtanggihan. Kasunod ay magkakaroon na ang aplikante ng 30 araw ng kalendaryo upang umapela.

Upang umapela, ang aplikante (claimant) ay dapat magsumite ng isang apela sa LAA kung saan sila nag-aplay, at isama ang aksyon na gusto ng aplikante na isagawa, at anumang ibang impormasyon na maaaring makaapekto sa desisyon. Ang mga claimant na hindi makabasa o makasulat ay dapat magpatulong sa LAA sa pagbabasa, pagsusulat, o pag-unawa sa mga apela, pagdinig, at sa mga pamamaraang kaugnay ng mga ito.

Ang LAA ay aakto sa kahilingan ng claimant at bibigyan ng nakasulat na paunawa ang claimant tungkol sa resulta sa loob ng pitong araw ng kalendaryo mula sa petsa na hiniling ang apela (petsa ng tatak ng koreo kung ipinadala sa koreo).

Kung ang claimant ay hindi sumasang-ayon sa desisyon, ang claimant ay maaaring sumulat sa LAA sa loob ng 14 na araw ng kalendaryo pagkatanggap ng desisyon (petsa ng tatak ng koreo kung ipinadala sa koreo) at hilingin na ang isang pagdinig ng estado ay isagawa sa Dibisyon ng mga Ahensiya sa Aksyong Pangkomunidad (Division of Community Action Agencies, DCAA). Dapat magbigay ng nakasulat na paliwanag ang claimant kung bakit ang desisyon ng ahensiya ay iniaapela at isama ang anumang impormasyon na maaaring makaapekto sa desisyon.

Dadalhin ng LAA ang lahat ng impormasyon tungkol sa kahilingan para sa isang pagdinig sa DCAA at ang isang pagdinig ay itatakda sa loob ng 14 araw ng kalendaryo pagkatanggap ng apela at kahilingan para sa isang pagdinig. Tatanggapin ng claimant ang nakasulat na paunawa ng pagdinig na itinakda ng estado mula sa dibisyon. Isasama sa paunawa ang petsa, oras, at lugar ng pagdinig. Ang mga pagdinig ng estado ay maaaring isagawa sa isang panahong maginhawa sa parehong partido sa pamamagitan ng telepono o personal. Sa panahon ng pagdinig, lahat ng impormasyon ay susuriin at ang isang desisyon ay gagawin ng dibisyon sa loob ng 7 araw ng kalendaryo.

Maaaring iapela ng kliyente ang desisyon ng DCAA sa Kagawaran ng Inspeksyon at mga Apela (Department of Inspection and Appeals, DIA) ng Iowa. Ang kliyente ay dapat magsumite ng isang nakasulat na apela sa DCAA sa loob ng 7 araw ng kalendaryo (petsa ng tatak ng koreo kung ipinadala sa koreo) pagkatanggap ng desisyon ng dibisyon. Susundin ng dibisyon ang mga pamamaraan sa apela na nakabalangkas sa 481 – Kabanata 10 ng Kodigo sa Pangangasiwa ng Iowa.